BAKUNANG PNEUMOCOCCAL POLYSACCHARIDE

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1 Sakit na Pneumococcal

Ang sakit na pneumococcal ay dulot ng bakteryang *Streptococcus pneumoniae*. Ito ang pangunahing sanhi ng napipigilan-ng-bakuna na sakit at pagkamatay sa Estados Unidos. Sinuman ay maaaring magkaroon ng sakit na pneumococcal, pero ang ilang tao ay nasa mas malaking panganib kaysa iba:

- Mga taong 65 taong gulang at mas matanda
- Ang napakabata
- Mga taong may mga partikular na problema sa kalusugan
- Mga taong may mahinang sistema ng panlaban sa sakit
- Mga naninigarilyo

Ang sakit na pneumococcal ay maaaring humantong sa mga seryosong impeksiyon ng:

- Mga baga (pulmunya),
- Dugo (bacteremia), at
- Panakip sa utak (meningitis).

Ang pneumococcal pneumonia ay pumapatay ng humigit-kumulang na 1 mula sa 20 tao na nagkaroon nito. Ang bacteremia ay pumapatay ng humigit-kumulang na 1 tao sa 5, at ang meningitis ay humigit-kumulang na 3 tao sa 10.

Ang mga taong may mga problema sa kalusugan na inilarawan sa Seksiyon 3 ng pahayag na ito ay maaaring mas malamang na mamatay mula sa sakit.

2 Bakunang pneumococcal polysaccharide (PPSV)

Ang paggamot ng mga impeksiyon na pneumococcal sa pamamagitan ng penicillin at ibang mga gamot ay dating mas mabisa. Pero may mga uri ng sakit na hindi na tinatalaban ng mga gamot na ito. Ginagawa nito ang pagpigil sa sakit, sa pamamagitan ng pagbakuna, na mas mahalaga.

Ang pneumococcal polysaccharide (PPSV) ay nagpoprotekta laban sa 23 uri ng bakteryang pneumococcal, kabilang ang mga pinakamalamang na maging sanhi ng seryosong sakit.

Karamihan sa mga malulusog na may sapat na gulang na tumanggap ng bakuna ay nagkaroon ng proteksiyon sa karamihan o lahat ng uri sa loob ng 2 hanggang 3 linggo pagkatapos tumanggap ng iniksiyon. Ang mga napakatandang tao, mga batang wala pang 2 taong gulang, at mga taong may ilang pangmatagalang sakit ay maaaring hindi tumugon nang kasingbuti, o hindi na tumugon.

Ang ibang uri ng bakunang pneumococcal (bakunang pneumococcal conjugate, o PCV) ay pangkaraniwang inirerekomenda sa mga batang wala pang 5 taong gulang. Ang PCV ay inilarawan sa isang hiwalay na Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna.

3 Sino ang dapat tumanggap ng PPSV?

- Lahat ng may sapat na gulang na 65 taong gulang at mas matanda.
- Sinumang 2 hanggang 64 na taong gulang na may pangmatagalang problema sa kalusugan tulad ng:
  - sakit sa puso
  - sakit sa baga
  - sickle cell disease
  - diyabetis
  - alkoholismo
  - cirrhosis
  - mga tulo ng cerebrospinal fluid o cochlear implant
- Sinumang 2 hanggang 64 na taong gulang na may sakit o kondisyon na nagpapahina ng panlaban ng katawan sa impeksiyon, tulad ng:
  - Hodgkin's disease
  - lymphoma o leukemia
  - pagpalya ng bato
  - multiple myeloma
  - nephrotic syndrome
  - impeksiyon ng HIV o AIDS
  - nasirang spleen, o walang spleen
  - paglipat ng bahagi ng katawan
- Sinumang 2 hanggang 64 na taong gulang na gumagamit ng gamot o tumatanggap ng paggamot na nagpapahina ng panlaban ng katawan sa impeksiyon, tulad ng:
  - mga pangmatagalang steroid
  - mga partikular na gamot sa kanser
  - radiation therapy
- Sinumang may sapat na gulang na 19 hanggang 64 na taong gulang na:
  - naninigarilyo
  - may hika

Ang PPSV ay maaaring hindi gaanong mabisa para sa ilang tao, lalo na sa mga may mas mahinang panlaban sa impeksiyon. Pero ang mga taong ito ay dapat pa ring bakunahan, dahil sila ay mas malamang na magkaroon ng mga seryosong kumplikasyon kung magkaroon sila ng sakit na pneumococcal.

Ang mga batang madalas na nagkakaroon ng impeksiyon sa tainga, mga impeksiyon sa sinus, o ibang mga sakit sa itaas na daanan ng hininga, pero malusog naman, ay hindi kailangang tumanggap ng PPSV dahil ito ay hindi mabisa laban sa mga kondisyong ito.

4 Ilang dosis ng PPSV ang kailangan, at kailan?

Karaniwang isa lamang dosis ng PPSV ang kailangan, pero sa ilang pagkakataon ang ikalawang dosis ay maaaring ibigay.

- Ang ikalawang dosis ay inirerekomenda para sa mga taong 65 taong gulang at mas matanda na tumanggap ng kanilang unang dosis noong sila ay mas bata kaysa 65 at 5 o higit na taon na ang nakalipas mula noong matanggap ang unang dosis.
- Ang ikalawang dosis ay inirerekomenda para sa mga taong 2 hanggang 64 na taong gulang na:
  - may napinsalang spleen o walang spleen
  - may sickle-cell disease
  - may impeksiyon ng HIV o AIDS
  - may kanser, leukemia, lymphoma, multiple myeloma
  - may nephrotic syndrome
  - sumailalim sa paglipat ng bahagi ng katawan o bone marrow
  - gumagamit ng gamot na nagpapahina ng panlaban sa sakit (tulad ng chemotherapy o mga pangmatagalang steroid)

Kapag ang ikalawang dosis ay ibibigay, ito ay dapat ibigay 5 taon pagkatapos tanggapin ang unang dosis.

5 May mga tao na hindi dapat tumanggap ng PPSV o dapat maghintay

- Sinuman na nagkaroon ng nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya sa PPSV ay hindi dapat tumanggap ng isa pang dosis.
- Sinuman na may malubhang alerhiya sa anumang sangkap ng isang bakuna ay hindi dapat tumanggap ng bakunang iyon. Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay may malulubhang alerhiya.
- Sinuman na may katamtaman o malubhang sakit noong itinakda ang iniksiyon ay maaaring paghintayin hanggang sila ay gumaling bago tumanggap ng bakuna. Ang may banayad na sakit ay karaniwang maaaring bakunahan.
- Bagaman walang ebidensiya na ang PPSV ay nakakapinsala sa isang buntis na babae o sa kanyang sanggol na hindi pa isinisilang, ito ay hindi inirerekomenda sa panahon ng pagbubuntis. Ang mga buntis na babae na may mga hindi gumagaling na sakit ay dapat kumunsulta sa kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan bago magpabakuna. Ang mga babae na may mga kondisyon na alam na inilalagay sila sa panganib ng sakit na pneumococcal ay dapat bakunahan bago magbuntis, kung magagawa.

6 Ano ang mga panganib mula sa PPSV?

Humigit-kumulang na kalahati ng mga taong tumanggap ng PPSV ay nagkaroon ng mga banayad na di-hangad na epekto, tulad ng pamumula o pananakit sa lugar na ibinigay ang iniksiyon.

Kulang sa 1% ang nagkaroon ng lagnat, mga pananakit ng kalamnan, o mas malubhang mga lokal na reaksiyon.

Ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring maging sanhi ng seryosong reaksiyon. Pero ang panganib na ang bakuna ay magiging sanhi ng seryosong pinsala, o kamatayan, ay labis na maliit.

7 Paano kung may malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang hindi pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago sa kilos. Sa mga palatandaan ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuhuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, o mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor o dalhin kaagad ang tao sa doktor.
- Sabihin sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng form ng Sistema sa Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O maaari mong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

8 Paano ako makakakuha ng iba pang kaalaman?

- Magtanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Sila ay makapagbibigay sa iyo ng inilalakip na pakete o makakapagmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Kontakin ang Mga Sentro sa Pagkontrol and Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - Tumawag sa 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
CDC

Vaccine Information Statement 42 U.S.C. §300aa-26
PPSV IMM-693TAG – Tagalog (4/16/09)
Translated by Transcend Translations, Davis, CA www.transcend.net